

Komite na Magsusuri sa mga Kabataang Nagkasala
(Young Offender Assessment Panel o YOAP)

● Paglalarawan ng Serbisyo

Ang Komite na Magsusuri sa mga Kabataang Nagkasala (Young Offender Assessment Panel o YOAP) ay isang espesyal na lupon na itinatag ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan (Social Welfare Department o SWD) at ng Kagawaran para sa Koreksiyonal na Serbisyo (Correctional Services Department o CSD) upang magbigay ng pinag-isang propesyonal na pananaw sa mga hukom at mahistrado hinggil sa pinaka-angkop na programa para sa pagpapataw ng sentensya sa mga kabataang nagkasala.

● Tinutukoy na Grupo

1. Mga lalaking nagkasala na may edad na 14 na taong gulang at hindi hihigit sa 25;
2. Mga babaeng nagkasala na may edad na 14 na taong gulang at hindi hihigit sa 21

● Nilalaman ng Serbisyo

Pagkatanggap ng mga rekomendasyon mula sa mga hukom/mahistrado, ang mga miyembro ng YOAP na binubuo ng mga kinatawan mula sa dalawang kagawaran ay pag-aaralan ang lahat ng mga ulat hinggil sa naturang nagkasala at mga kaugnay na dokumento hinggil sa kaso mula sa SWD at CSD. Kakausapin rin nila ang bawat nagkasala, susuriin ang lahat ng naangkop na paraan ng paggamot at magbibigay ng rekomendasyon ukol sa pinaka-angkop na programang rehabilitasyon sa mga hukom/mahistrado para sa pagpapataw ng sentensya.

● Mga Kinakailangan:

1. Mga ulat hinggil sa naturang nagkasala na manggagaling sa SWD at CSD;
2. Ang naturang nagkasala ay nararapat na manatili sa pangangalaga ng CSD upang mapadali ang medikal, pangkaisipan, sikolohikal na pagsusuri at ng panayam na gagawin ng YOAP.

● Para sa inyong mga katanungan

Address : Room 735, 7/F, Wu Chung House, 213 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong.

Telephone : 2892 5105

Fax. : 2572 3540

E-mail address : corenq@swd.gov.hk

Oras ng Opisina:

Lunes hanggang Biyernes 8:45 a.m. to 6:00 p.m.

(Sarado tuwing Sabado, Linggo at Pista Opisyal)